IB DIPLOMA PROGRAMME
PROGRAMME DU DIPLÔME DU BI
PROGRAMA DEL DIPLOMA DEL BI

M06/1/A1PIL/HP1/TGL/TZ0/XX

22060225

**PILIPINO A1 – HIGHER LEVEL – PAPER 1**
**PILIPINO A1 – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A1 – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 1**

Monday 22 May 2006 (morning)
Lundi 22 mai 2006 (matin)
Lunes 22 de mayo de 2006 (mañana)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a commentary on one passage only.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Rédigez un commentaire sur un seul des passages.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un comentario sobre un solo fragmento.

*Sumulat ng komentaryo sa **isa** sa dalawang sumusunod na textong pampanitikan:*

**1.** (a)

MAY AKSIDENTENG BANGGAAN sa gitna ng highway ng buhay. Walang dugo, walang ambulansya. Pero merong mga sugatan. May mga kaluluwang nakatali pa rin sa mundo habang tumitikim na ng apoy sa kung anong impiyerno. Socio class. telepono. Spoon's diner.* love letters. dates. palitan ng regalo. dates. 3 years.

> "Sabi niya, he was about to give up on life nung mga panahong makilala niya ako. First year college pa lang kami noon. Kapag nga pinagkukumpara namin yung mga I.D. namin noon sa mga itsura namin ngayon eh natatawa kami. Para k'seng ibang tao 'yung nasa litrato. Hindi naman sa sobra na'ng katandaan namin. Pero marami talagang nagagawa ang mahigit na tatlong taon sa tao.
>
> Nakita ko na rin kung paano nga mawalan ng gana sa buhay si Yence. Naroon ako ng mga panahong nagkaleche-leche ang academics niya.
>
> Walang pera, walang trabaho, walang school, walang gana. Biruan nga ng barkada, buti na lang daw at meron siyang Katrina."

Nagkasama kaming dalawa sa impiyerno. Gusto kong magsisi kung bakit ba pinili kong mamatay kasama niya. Pinipilit ko sanang buhayin siya pero hinihila niya ako patungong hukay. Opening nights. bouquets. beso-beso. programs. company call. cast party. congratulations. . . .

Sa ganoong panahon ko nararamdaman ang magkahalong pakiramdam ng pagmamalaki at malaking kawalan. May pagmamalaki dahil ipinakikilala ako ni Yence bilang babaeng pakakasalan niya. Ewan kung umiiral sa akin ang dominanteng ideya ng lipunan sa pagiging 'matino' ng mga babae. Tipo bang mga babae lamang na may ganitong uri lang ng 'katinuan' ang dinadala sa dambana. At nariyan si Yence na nagsasabing pakakasalan niya ako. Parang merong isang taong handang maging testimonya ng 'katinuan' ko.

Pero may damdamin din ng kawalan. Para bang nararamdaman ko na may suporta akong ibinibigay sa kanya na alam kong maski sa sarili ko ay halos 'di ko maibigay.

Gaya n'ung isang instance na natalo ko pa ang itsura ng isang nanay na nagpapa-enrol sa freshman niyang anak nang humanap ng bagong school si Yence (hindi ko na lang k'se nagawang isalba ang acads niya sa university na pareho naming pinapasukan). Ako itong natataranta sa paghahanap ng dean's office gayong 'di naman ako transferee.

Gaya na rin ng pagkataranta ko nang una siyang mag-audition para sa actors' company na ngayon ay kinabibilangan na niya. . . .

Ang swerte talaga ni Yence na meron siyang Katrina!

Paulit-ulit ang pagdila ng apoy sa kabuuan ko.

Meron bagang hindi namamatay na sumisilab at tumutupok. Hindi na ba maaaring maging ako ang kaluluwa? Siguro nga mahal din ako ni Yence.

Pero hindi ko masiguro kung ito ba ay pagmamahal sa kanya ng romantikong esensiya o pagtuturo lamang niya sa sarili niya ng pagtanaw ng utang na loob sa akin dahil lagi akong naririyan. . . .

Dapat na umiiral sa akin ang pakiramdam ng pasasalamat sa pagkakaroon ng boyfriend na gaya niya. Pero mas malala sa akin ang damdamin ng pag-aalinlangan tungkol sa tunay na dahilan kung bakit tumagal kami ng mahigit pa sa tatlong taon.

Ayoko mang isipin, pilit pa ring naglalaro sa isip ko ang posibilidad ng pagkakaroon namin ng relasyon dahil sa pagkakasadlak lang namin sa ganitong kalagayan.

Mutual na pangangailangan ang kakampi. At sa proseso nito'y hindi ko na magawang pag-ibahin ang kakampi sa kaaway. Lalo na kung ang relasyong akala ko'y nakabatay sa pagmamahal ay nasa balangkas na pala ng isang 'di pantay na kaayusan.

Ungol. yapos sa balakang. His room's wall. ayoko. sinabi kong ayoko. si Yence. ako. 10 minutes. tapos na.

> "May pananakit na ginawa si Yence na pakiramdam ko'y lumalabag sa pagkatao ko.
> May mga pagkakamali akong hindi mapalampas ng sugat ng kamay niya.
> Sa pangangailangan ko ng kakampi, si Yence lang ang tumutugma sa depenisyon ng kakampi bilang isang taong tatanggap sa mantsang ipininta ng iba."

Binalot kami ng pagniningas. Dalawa pala kaming matutupok ng pagtatangka kong buhayin siya. Huli na. Isang malaking balon ng apoy ang libingan namin.

> "Sinabi niya noon, he was about to give up on life n'ung mga panahong nakilala niya ako. Pero raw merong kulang sa pagkatao niya na hindi niya alam kung paano niya mapupunan. At tumutugma siya sa depenisyon ko ng kakampi.
> Suwerte pa rin niya na meron siyang Katrina.
> Maski pa may mantsa."

ungol. hawak sa di-pa-gaanong suso. my room's wall. si kuya Dong. pinsan ko. ayoko. 10 minuto. ayoko. maraming 10 minuto.

Walang katapusan ang impiyerno.

Arlene Bongon-Burgos, *Alab* (1997)

---

* Spoon's diner: local canteen

**1.** (b)

Wika ng ama tapos ng trabaho:

ang mahihirap
ay nakakatikim lang ng pagiging
*Master*[1]
sa sardinas.

Wika ng ama tapos makakita ng eroplano:

ang mahihirap
ay nakakapag-
*around-the-world* lang
sa yoyo[2].

Wika ng ama habang tumatawid:

ang mahihirap
ay nakakasakay lang
ng taxi
sa likod ng manibela.

Wika ng anak pagdating sa bahay:

'Tay
Sawa na 'ko
sa pagiging mahirap
maging mayaman naman
tayo.

At lumabas ang ama para bumili
sa tindahan ng
*Hope*[3].

Bits Victoria, *Usapang Imbo at Utoy* (1997)

---

[1] Master: tatak o brand ng sardinas.

[2] Yoyo: laruang pambata na may malalim na ukit para sa nakarolyong sinulid o manipis na lubid na nakakabit dito at ginagamit para sa iba't ibang paraan ng paghagis sa yoyo.

[3] Hope: tatak o brand ng sigarilyo.